# Gideon

**(Mga Hukom 6)**



Si Gideon mula sa tribo ni Manase, ay isa sa mga naging hukom ng Israel. Hukom ang tawag sa itinatalaga ng Diyos na mga pinunong magliligtas sa mga Israelita mula sa kamay ng mga mananakop.

Noong mga panahong ito, ang mga Israelita ay nakakaranas ng matinding paghihirap dahil sa pagsakop ng mga Midianita. Sa tuwing magtatanim ang mga Israelita sa kanilang bukirin, nilulusob sila ng mga Midianita at ng iba pang mga lipi. Nagkakampo ang mga ito sa kanilang lupain at sinisira ang kanilang mga pananim. Walang magawa ang mga Israelita, kaya humingi sila ng tulong sa Diyos.

Isang araw, nagpakita kay Gideon ang anghel ng Diyos at sinabi sa kanya "Sumasaiyo ang Panginoon, magiting na lalaki." Sinabi sa kanya ng Diyos na lumakad at gamitin ang buo niyang lakas upang iligtas ang Israel mula sa mga Midianita. Ang Diyos mismo ang nagsusugo sa kanya.

Ang angkan nila Gideon ang pinakamahina sa kanilang lipi at siya naman ang pinakahamak sa kanilang pamilya. Kaya tinanong ni Gideon kung paano niya ililigtas ang Israel.

Sinabi ng Diyos na makakaya niya ito sapagkat Siya ang tutulong sa kanya.

Hindi makapaniwala si Gideon sa kanyang narinig, kaya naman humingi siya ng palatandaan na ang Diyos nga ang naguutos sa kanya. Samantala, ipinaghanda muna ni Gideon ang anghel ng Diyos ng makakain. Sa isang basket nilagay niya ang nilutong karne at sabaw na nasa palayok. Ipinapatong sa kanya ng anghel sa isang bato ang karne at tinapay na hinanda niya. Habang binubuhusan ng sabaw ang mga ito, hinawakan ng anghel ang karne at tinapay gamit ang isang tungkod. Lumabas ang apoy mula sa bato at nasunog ang karne at tinapay. Matapos ay nawala ang anghel sa kanyang paningin. Saka pa lang naunawaan ni Gideon na anghel nga ng Diyos ang nakausap niya.

Habang naghahanda si Gideon upang labanan ang mga Midianita, muling humingi ng palatandaan si Gideon sa Diyos na siya nga ang gagamitin Niya upang iligtas ang Israel. Maglalatag siya ng kumot ng lana sa giikan ng trigo, at kapag ang lanang ito ay nabasa ng hamog habang ang paligid nito ay tuyo, ito nga ang tanda na siya ang pinili ng Diyos.

Kinabukasan ng umaga, nang kunin niya ang lana ito ay basang-basa habang ang paligid ay tuyo.

Gayunpaman, mayroon pa ring pag-aalinlangan si Gideon. Muli siyang humiling sa Diyos, ngunit sa pagkakataong ito ang kabaligtaran naman ang kanyang hiniling. Nais niyang makita na basa ng hamog ang paligid ng lupang pingpapatungan ng kumot ng lana habang ang lana naman ang tuyo.

Pinagbigyan ng Diyos si Gideon at muling tinupad ang kahilingan nito. Ang pangyayaring ito ang nagbigay ng katiyakan kay Gideon na tunay na ililigtas ng Diyos ang Israel sa pamamagitan niya.

Ang Diyos ay mapagpasensya sa Kanyang mga minamahal at matapat sa Kanyang mga pangako. Siya ay tunay na maaasahan sa panahon na parang walang katiyakan o kasiguruhan sa buhay o kaya sa tuwing iniiisip natin na napaka-impossible na magawa natin ang Kanyang pinagagawa. Tulad ni Gideon maaari mo rin maranasan ang kawalan o kulang na pagtitiwala. Kung ganun, ano ang iyong gagawin?

